ELECTION 2020

Call:
1-888-API-VOTE
(274-8683)
Bilingual assistance is available in English, Mandarin (普通話/普通话), Cantonese (廣東話/广东话), Korean (한국인), Vietnamese (Tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिन्दी), and Bengali (বাংলা).

ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC

Nabilang ba ang aking boto? Ano ang dapat gawin pagkatapos bumoto?

Minsan ang iyong balota ay maaaring hindi maisama sa bilang. Ang pagbibilang ng balota ay tumatagal ng ilang araw pagkatapos ng Araw ng Halalan, kaya pwede kang magkaroon nang pagkakataon upang maayos ang mga problema kung bakit ang iyong balota ay hindi naisama sa bilang. Narito ang maaari mong gawin upang masigurado na ang iyong boto ay mabilang!

Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 3, 2020.

Mga Mail/Absentee Ballot

1. Subaybayan ang iyong mail/absentee ballot upang masigurado na ito ay mabilang. Maaari mong makita ang bawat impormasyon ng tracking sa bawat estado sa www.ballotready.org.
    a. Tumawag sa hotline na **1-888-API-VOTE** (1-888-274-8683) kung kinakailangan mo ng tulong. Ang tulong ay ibibigay sa wikang Ingles, Bengali, Cantonese, Hindi, Korean, Mandarin, Tagalog, Vietnamese, at Urdu.
    b. **Simulan ang pagsubabay ng maaga**– kadalasan limitado ang oras upang ayusin ang alinmang mga problema!

2. Kung ang iyong mail/absentee ballot ay hindi naisama sa bilang:
    a. Mga Karaniwang Dahilan kung bakit ang mail/absentee ay hindi naisama sa bilang:
        i. **Pagpapareho ng pirma** – Ang pirma sa iyong mail/absentee ballot ay hindi kapareho ng kung ano ang pirma sa rekord na mayroon ang gobyerno para sa iyo.
        ii. **Hindi pagsunod ng kumpleto at tama sa mga alintuntunin.**
        iii. **Hindi paglagay ng kopya ng iyong identipikasyon.**
    b. Tumawag sa hotline na **1-888-API-VOTE** (1-888-274-8683) upang malaman kung maaari pang maayos ang mga problema sa iyong absentee/mail ballot. Ang tulong ay ibibigay sa wikang Ingles, Bengali, Cantonese, Hindi, Korean, Mandarin, Tagalog, Vietnamese, at Urdu.

Mga Provisional Ballot

1. Kung ikaw ay bumoto gamit ang isang provisional ballot, ang iyong lokal na gobyerno o estado ay nararapat na magbigay ng impormasyon kung paano mo malalaman kung ang iyong provisional ballot ay naisama sa bilang noong ikaw ay bumoto.
2. Kung ikaw ay bumoto gamit ang isang provisional ballot at hindi ito naisama sa bilang, may mga hakbang kang maaaring gawin sa ibang mga kaso:
    a. Mga Karaniwang Dahilan kung bakit ang provisional ballot ay hindi naisama sa bilang:
        i. **Rehistrasyon ng Botante** – Kung sa pagkakaalam mo na ikaw ay nagparehistro upang makaboto ngunit hindi ka lumabas sa listahan ng mga botante sa tamang lugar ng iyong botohan, maaaring mayroong isyu sa iyong rehistrasyon sa

pagiging botante na maaaring magawan ng solusyon sa inyong lokal na opisyal ng eleksyon.

ii. **Identipikasyon** – Kung nakalimutan mong magdala ng naaangkop na porma ng identipikasyon sa lugar ng botohan, may mga pagkakataon na maaari mo itong isangguni sa inyong mga lokal na opisyal ng eleksyon.

iii. **Pagpapareho ng Pirma** – Kung ang iyong pirma ay hindi kapareho ng iyong pirma sa eleksyon rekord, may mga hakbang kang maaaring gawin katuwang ang mga opisyal ng eleksyon upang ito'y magawan ng solusyon pagkatapos ng halalan.

b. Maaaring mayroong limitadong oras upang maayos ang mga problemang ito. Tumawag sa hotline na **1-888-API-VOTE** (1-888-2748683) upang malaman kung paano. Ang tulong ay ibibigay sa wikang Ingles, Cantonese, Hindi, Korean, Mandarin, Tagalog, Vietnamese, at Urdu.

Nais mo pang magkaroon ng higit pang kaalaman? Tingnan ang mga mapagkukunan ng impormasyon patungkol sa halalan sa www.advancingjustice-aajc.org/election2020.